# Kung Biglang Nagkasakit ang Inyong Anak

**～Gamitin ng tama ang mga pasilidad para sa medical emergency ～**

## ●Sistema ng medical emergency

Dumarami ang bilang ng kaso ng mga emergency outpatient na nagpapatingin kahit na para sa mga hindi apurahang sintomas dahil sa mga rason tulad ng "hindi makapagpapahinga sa mga karaniwang araw" o "may lakad sa araw." Maaaring hindi kaagad mabigyan ng lunas ang mga pasyenteng may kritikal na sakit kung patuloy na maraming magpatingin na may magaang sintomas sa emergency department na para talaga sa pagtanggap sa mga malubhang kaso. Kinakailangan ng naaangkop na konsultasyon ayon sa mga sintomas para sa medical emergency. Dito sa Toyota City, nagtatag ng mga sumusunod na sistema upang makatanggap ng kinakailangang medical treatment sa anumang oras batay sa mga sintomas.

### Primary facilities para sa medical emergency

Ang mga ito ang mamamahala sa mga pangunang lunas tulad ng gamot at pag-iiniksyon para sa mga pasyenteng may magaang karamdaman. Kung ikaw ay nasugatan o nagkasakit sa gabi o sa mga pista opisyal, kumunsulta muna sa alinmang primary facilities para sa medical emergency.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Weekdays | Internal medicine/ General surgery | 7：00PM～ 9:00AM sunod na araw | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |
| Sabado | Internal medicine | 2：00PM～ 9:00AM sunod na araw | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |
| | General surgery | 7：00PM～ 9:00AM sunod na araw | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |
| Linggo/Holiday/ Katapusan at simula ng taon | Internal medicine・Pediatrics | 9:00 AM～5:00 PM | Kyujitsu Kinkyu Naika Clinic（☎３２-７１５０） |
| | | | Nanbu Kyujitsu Kinkyu Naika Clinic（☎８５-００９９） |
| | Internal medicine | 5：00PM～ 9:00AM sunod na araw | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |
| | General surgery | 9:00 AM～5:00 PM | On duty system ※ tingnan ang PR, homepage at morning newspaper |
| | | 5：00PM～ 9:00AM sunod na araw | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |
| | Dental | 10:00 AM～3:00 PM | Toyota Chiiki Iryou Center（☎３４-３０００） |

### Secondary facilities para sa medical emergency (on-duty system ng Toyota Kosei Hospital, Toyota Kinen Hospital, Asuke Hospital, Toyota Chiiki Iryou Center)

Ang mga ito ang mamamahala sa mga pasyente na nangangailangan ng pagpapa-ospital / operasyon. Bibigyan ng prayoridad ang mga pasyenteng dinadala ng ambulansya.

Bilang karagdagan, ang Toyota Kosei Hospital at Toyota Kinen Hospital ay may on duty system para sa mga batang pasyente na kailangang ipa-ospital o ng operasyon.

### Tertiary facilities para sa medical emergency (Toyota Kosei Hospital, Toyota Kinen Hospital)

Ang mga ito ang mamamahala sa life saving medical care para sa mga pasyenteng may malubhang karamdaman at tumatanggap ng 24 oras sa mga pasyenteng dinadala ng ambulansya.

## ●Kung nagkasakit o nasugatan sa mga pista opisyal o sa gabi ...

Napakahirap desisyunan kung kailangan magpatingin kaagad sa doktor. Una sa lahat, suriing mabuti ang kalagayan ng inyong anak at maging mahinahon.

1) Kung hindi alam kung dapat pumunta kaagad sa emergency outpatient department o kung maaaring maghintay hanggang bukas ...

**Biglaang sakit/pag-aalaga ng bata Call 24～（Ikkyu）san call** ※Available lamang sa Japanese
<☎ ０１２０－７９９１９２（Bago mag-alala）emergency・pag-aalaga ng bata）>

（Oras ng konsultasyon ／24 oras　365 araw

Ang lahat ng nakatira sa Toyota City o naririto sa syudad (mga bumibisita sa Toyota City ) ay maaaring kumunsulta. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan kung biglang masugatan o magkasakit at hindi sigurado kung kailangang pumunta sa isang medical facility. Ang mga propesyonal tulad ng mga nars, mga doktor, at mga public health nurse ay maaaring sumagot sa mga konsultasyon tungkol sa pamamaraan ng first aid at impormasyon ukol sa mga medical facilities.

２）Hindi na magpapabukas at kukunsulta sa emergency outpatient･･･

Una sa lahat, pumunta tayo sa primary facilities para sa medical emergency . Gayunpaman, kung ang konbulsyon ay hindi tumitigil, walang malay, nahihirapang huminga, o malinaw na kailangan ng emergency treatment, huwag mag-atubiling tumawag sa 119.



## ●Mga paalala sa pagkunsulta sa medical emergency facilities kung may biglaang pagkakasakit

○ Ihatid ng kasambahay na alam ang sitwasyon ng taong may sakit.
○ Dalhin ang health card o hokensho, mother/child health handbook o boshitecho at medicine record o kusuri techo.
○ Sa pagkunsulta, sabihin ng maayos ang mga sintomas, kung kailan nagsimula at kung ano ang kakaiba sa normal na sitwasyon.
○ Maaaring walang espesyalista kung pupunta ng gabi o holiday sa mga emergency medical facilities.
○ May oras din ng paghihintay sa emergency outpatient department (uunahing gamutin ang mga pasyente na malubha at kailangan ng emergency treatment)
○ Ang emergency　medical care ay para lamang sa pangunang lunas o first aid, siguraduhin na kumunsulta sa inyong doktor sa sunod na araw.
（Pangunang lunas lamang ang naibibigay kung pumunta ng labas sa oras ng kunsultasyon kaya para lamang sa isang araw na gamot ang irereseta.
○ Gamitin ng maayos at tama ang ambulansya.

## ●Magkaroon　ng maaasahang"doktor ng pamilya"

Mahalagang magkaroon ng pinakamalapit na practitioner bilang doktor ng pamilya upang maaaring kumunsulta kung sakaling magkaroon ng emergency. Magtanong nang maaga kung ano ang gagawin kung sakaling magkaroon ng biglaang pagkakasakit sa labas ng normal na oras ng konsultasyon tulad ng mga holiday at gabi.

Sa Toyota City, ang "Kakaritsukei kakaritsuke shikai o Family Doctor/Family Dentist Guidebook" na may listahan ng address, telepono, at medical specialization ay ipinamamahagi sa city hall, mga sangay, ibang tanggapan, atbp.






**～Pakiusap sa mga mamamayan ～**

Ang mga medical emergency facilities ang siyang pangunahing namamahala sa pagtanggap ng mga pasyenteng may malubhang karamdaman na kailangan ng agad na lunas.

Maaaring hindi magamot kaagad ang mga nangangailangan kung patuloy na maraming pasyenteng may magaang sintomas ang magpatingin sa emergency outpatient department.

Upang mapangalagaan din ang sistema ng medical emergency, iwasang magpatingin sa alanganing oras kung walang malubhang karamdaman at magpatingin sa inyong doktor sa mga takdang oras ng konsultasyon.

Salamat sa iyong pang-unawa at kooperasyon.

## «Mga ahensiyang maaaring kunsultahin sa panahon ng emergency»

<table>
<tr>
<td>Kung nais mong malaman ang medical institution na malapit sa inyo･･･<br>○Aichiken Kinkyu Iryo Joho Center<br>☎ 050-5810-5884<br>Hahanapin at ipapaalam sa inyo ang malalapit na medical institution.<br>※Available sa English, Portuguese, Chinese, Korean at Spanish</td>
<td>○Aichi Iryo Joho Net　（URL : http:// iryojoho.pref.aichi.jp）<br>Maaari kang maghanap ng impormasyon tulad ng lokasyon ng mga medical institution at parmasya na malapit sa iyong tahanan o sa pinakamalapit na istasyon, mga specialization, suporta para sa medical treatment sa bahay at kung ipinapatupad o hindi ang mga pagbabakuna.<br>※Available ang Japanese at English</td>
</tr>
<tr>
<td>Kung may nabilaukan at nahihirapan na gamutin ito･･･<br>○Nihon Chudoku Joho Center―110（available 365 araw）<br>Osaka 072-727-2499（available 24 oras）<br>Tsukuba　029-852-9999（9:00 AM~9:00 PM）<br>para sa sigarilyo　072-726-9922（voice recorder available 24 oras）<br>※Available lamang sa Japanese</td>
<td>Kung gustong kumunsulta tungkol sa gamot ･･･<br>○Anshin denwa　＜ Toyota Kamo Yakuzaishikai＞<br>☎ 090-3482-2173（available 24 oras／365 araw）<br>Tumatanggap ng kunsulta tungkol sa pag-inom ng gamot, side effects atbp.<br>※Available lamang sa Japanese</td>
</tr>
</table>

**【Para sa tanong】Toyota City Hall　Fukushibu Chiiki Hokatsu Care Kikaku Ka　☎ 0565-34-6787**